



Update sa paglilinis matapos ang bagyo sa May 21

Ano ang dapat malaman tungkol sa pagtanggap ng punong-kahoy, pagpapalit at pangongolekta ng tapon sa bakuran sa Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 25, 2022) – Ang paglilinis at mga pagsisikap sa restoration ay nagpapatuloy sa buong lungsod kasunod ng bagyo sa Mayo 21.

Ang mga staff ay kasalukuyang tumutulong sa lahat ng site kung saan naganap ang pinsala sa mga punong-kahoy na pag-aari ng lungsod para gawing ligtas ang lugar.

Ang mga debris ng punong-kahoy ay maaaring nasa mga boulevard at sa mga parke at sa bukas na mga espasyo sa loob ng susunod na mga linggo dahil tinutugunan ang agarang mga panganib.

Pag-uulat ng pagtanggap sa punong-kahoy o pinsala

Mga punong-kahoy na pag-aari ng Lungsod

Ginagawa ng Lungsod ng Brampton ang pagmimintina sa mga punong-kahoy, kabilang ang pag-trim o pagtanggap ng mga punong-kahoy sa mga propyedad na pag-aari ng Lungsod, tulad ng mga parke at mga boulevard sa harap ng mga bahay.

Hindi awtorisado ang mga residente na tanggalin o sirain ang anumang mga punong-kahoy na pag-aari ng lungsod.

Ang mga hiling para sa pagtanggap ng mga punong-kahoy ay unang sinusuri:

- Ang mga pag-iinspeksyon ay ginagawa sa tinatayang 90 araw mula sa paunang hiling
- Ang kawani ng forestry ay mag-iiwan ng Tree Door Hanger para mag-abiso na natapos na ang pag-inspeksyon
- Itatakda ang kinakailangang trabaho matapos ang pag-inspeksyon

Ang mga report na pagtanggap o pagsira nang walang permit ay iniimbestigahan ng Parks & Forestry at ng By-Law Enforcement Departments.

Para mag-report ng anumang natumbang mga sanga ng punong-kahoy ng Lungsod, mga punong-kahoy o debris, pakisumite ang iyong report online sa www.311brampton.ca, sa 311 mobile app o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

Pagtanggap ng pribadong mga punong-kahoy



Bilang may-ari ng propyedad, maaari mong tanggalin ang pribadong pag-aari na mga punong-kahoy sa iyong propyedad, ngunit maaaring mangangailangan ng permit ayon sa [Ordinansa sa Preserbasyon ng Punong-kahoy](#).

Kabilang sa ilan sa mga halimbawa kung saan hindi kakailanganin ang permit ang:

- Kung ang punong-kahoy ay matatagpuan sa loob ng dalawang metro ng isang okupadong gusali
- Mga punong-kahoy na may dayametro na mas mababa sa 30 sentimetro, na sinukat mula 1.37 metro mula sa lupa
- Kung kailangan ang pinsala sa isang kahoy para sa emergency na trabaho

Paghiling ng bago/pamalit na mga punong-kahoy na pag-aari ng Lungsod

Ginagawa ng Lungsod ng Brampton ang pagmimintina ng mga punong-kahoy, kabilang ang mga kapalit na mga punong-kahoy, para sa mga punong-kahoy na nasa loob ng propyedad na pag-aari ng Lungsod tulad ng mga parke at mga boulevard sa harap ng mga bahay.

Ang mga kasapi ng publiko ay hindi pinapayagan na magsagawa ng anumang trabaho, kabilang ang pag-trim, sa mga punong-kahoy na pag-aari ng Lungsod.

Kapag magsumite ang mga residente ng hiling kaugnay ng mga punong-kahoy, nagaganap ang sumusunod na mga hakbang:

- Isasagawa ang pag-iinspeksyon ng punong-kahoy sa tinatayang 90 araw mula sa paunang kahilingan
- Ang Inspektor ay mag-iwan ng isang 'Tree Door Hanger' sa iyong pintuan para ipaalam sa iyo na tapos na ang pag-iinspeksyon
- Itatakda ang kailangang trabaho para sa pagkumpleto
- Ang staff ng forestry ay maaaring maglagay ng nakapinturang pananda sa curb para ipahiwatig ang tinatayang lokasyon ng pagtatanim ng punong-kahoy sa hinaharap
- Ang mga bagong hiling ng Pagtatanim ay itinatakda sa sumusunod na taon ng kalendaryo at magaganap sa pagitan ng Hunyo-Disyembre, kung maganda ang panahon
- Ang pagpili ng mga punong-kahoy ay papasyahan ng certified Arborists base sa kung ano ang pinakamainam para sa lugar

Para humiling ng Bago/Pamalit na punong-kahoy, mangyaring isumite ang iyong hiling online sa www.311brampton.ca, sa the 311 mobile app o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

Pangongolekta ng Rehiyon ng Peel sa basura sa bakuran

Ang pangongolekta ng basura sa residensyal na bakuran, kabilang ang pag-trim ng mga punong-kahoy at mga sanga ay pinangungunahan ng Rehiyon ng Peel.



Kapag nagtatapon ng basura sa bakuran, pakitandaan ang sumusunod na mga tuntunin:

- Ang mga lalagayn ng basura ng bakuran ay kailangang lagyan ng pangalan, bukas, matigas, at muling magagamit. Kung makatanggap ka ng pangkolektang ariton, pwede mong gamitin ang iyong lumang asul o grey na box para sa iyong basura sa bakuran.
- I-secure ang tie brush sa mga bundle na hanggang 1.2 m (4 ft) ang haba at 76 cm (30 in) ang lapad. Ang mga brush bundle ay hindi pwedeng mas mabigat sa 20 kg (44 lb). Ang brush at trimmings ng punong-kahoy ay kailangang 10 cm (4 in) o mas mababa sa dayametro para kolektahin mula sa curb.
- Tanging ang brown na Kraft paper bags na naglalaman ng basura ng bakuran ang kokolektahin. Hindi tinatanggap ang mga plastic na bag.
- Ang puno ng basura ng bakuran na bag o sisidlan ay kailangang mas mababa sa 20 kg (44 lbs) para kokolektahin.
- Maglagay ng di-bababa sa 1 m (3 ft) ng walang laman na espasyo sa pagitan ng iyong basura sa bakuran at mga kariton ng basura.

Ang mga basura sa residensyal na bakuran na hindi umaakma sa loob ng mga gabay na ito ay tinatanggap nang may bayad, sa [Peel Community Recycling Centres \(CRCs\)](#).

Para sa karagdagang mga detalye sa pangongolekta ng basura, bisitahin ang [website dito](#) ng Rehiyon ng Peel.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca